# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG SETYEMBRE 04, 2024, MIYERKULES, IKA-09:35 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

RELEASED NAME DATE TIME OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: Date: SEP 2024 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 316-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 141-T2024 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 129-T2024 NG BARANGAY PAGSAWITAN, SANTA CRUZ, LAGUNA ANG SALARY ADJUSTMENT NA HALAGANG P500.00 PARA SA ADMINISTRATIVE ASSISTANT, BARANGAY RECORD KEEPER, CLERK II, AT P2,000.00 PARA SA REVENUE COLLECTOR, BWCCDO, AT P1,500.00 PARA SA CLERK I AT DRIVER AT P700.00 PARA SA UTILITY WORKERS AT P1,000.00 PARA SA BAWAT ISANG BARANGAY NUTRITION SCHOLAR, BARANGAY HEALTH WORKERS, AT BAWAT ISANG BARANGAY TANOD NG BARANGAY PARA SA TAONG 2025.**

**SAPAGKAT**, may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Pagsawitan sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 141 T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 129-T2024 para sa salary adjustment ng lahat ng mga katulungin ng barangay para sa taong 2025;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Kautusan at Batas para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Mark Anthony M. Juangco, Kgg. Laura P. Obligacion at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 141 T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 129-T2024 ng Barangay Pagsawitan, Santa Cruz, Laguna ang Salary Adjustment na halagang P500.00 para sa Administrative Assistant, Barangay Record Keeper, Clerk II, at P2,000.00 para sa Revenue Collector, BWCCDO, at P1,500.00 para sa Clerk I at Driver at P700.00 para sa Utility Workers at P1,000.00 para sa bawat isang Barangay Nutrition Scholar, Barangay Health Workers, at bawat isang Barangay Tanod ng barangay para sa taong 2025.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, at Sangguniang Barangay ng Pagsawitan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Setyembre 04, 2024.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan / Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS** 9/12/24
Punong Bayan

LAM/CEL 24

09262439S